

Mga Serbisyo sa Alternatibong Paglutas ng Hindi Pagkakasundo

- Mga pagsasanay sa ADR
- Konsultasyon sa telepono
- Mga ginagabayang pagpupulong sa IEP



Ang pagsasama-sama ay
isang **simula**.

Ang pagpapanatiling
sama-sama ay
pag-unlad.

Ang pakikipagtulungan
ay **tagumpay**.



Contact

Mid-Cities SELPA

562-866-9011 ext. 2050



*Pinaglilingkuran ang Mga Distrito sa Paaralan ng Bellflower Lynwood,
at Paramount*

Alternatibong Paglutas ng Hindi Pagkakasundo



Mga Miyembrong Distrito

Bellflower Unified School District
Lynwood Unified School District
Paramount Unified School District



Ano ang Alternatibong Paglutas ng Hindi Pagkakasundo (Alternative Dispute Resolution, ADR)?

Ang ADR ay isang impormal na proseso para sa paglutas ng mga hindi pagkakasundo hinggil sa espesyal na edukasyon sa kapaligirang may paggalang at walang kinikilingan. Bagaman pinakamahasag na natutugunan ang mga isyu sa pamamagitan ng proseso ng Programa sa Indibidwal na Edukasyon (Individual Education Program, IEP), maaaring mabisa ang sesyon sa ADR kapag nagamit na ang lahat ng pagsisikap para malutas ang mga hindi pagkakasundo sa loob ng pangkat sa IEP. Layunin ng ADR na magtutulong ang mga pamilya at distrito para makabuo ng mga solusyong kapaki-pakinabang sa mag-aaral. Ang Mid-Cities SELPA ay may nakakontraang ekspertong consultant para tumulong sa paggabay sa mga IEP o pagsasagawa ng mga pagpupulong sa ADR kung boluntaryong sinang-ayunan ang mga ito ng lahat ng partido.

Bakit dapat piliin ang ADR?

PAKIKIPAGTULUNGAN

Binibigyan ng proseso ng ADR ang mga kalahok ng pagkakataong talakayin ang mga isyung nauugnay sa espesyal na edukasyon sa isang kumpidensiyal, bukas, at ligtas na espasyo kung saan hinihikayat at sinusuportahan ang ugnayang may pakikipagtulungan habang nagtutulong patungo sa kalalabasang mapagkakasunduan ng lahat.

PAGBUO NG TIWALA

Pinapanatili at pinapatibay ng proseso ng ADR ang tiwala sa pagitan ng magulang/tagapag-alaga at tauhan ng paaralan.

NAPAPANAHONG PAGLUTAS

Magtutulong ang mga kalahok patungo sa malinaw at tiyak na plano para tugunan ang alalahanin sa napapanahong paraan. Maaaring magkaroon ng resolusyon sa pamamagitan ng proseso ng ADR sa loob ng ilang araw o ilang sandali pagkatapos nito, depende sa pagiging komplikado ng mga isyu at sa kinakailangang pagpapalano para malutas ang mga ito.

WALANG BAYAD

Ibinibigay ang proseso ng ADR sa magulang nang walang bayad at hinihikayat nito ang lahat ng partido na lutasin ang problema nang nagtutulong para makabuo ng resolusyong kapaki-pakinabang sa lahat.

Mga madalas itanong?

PAANO AKO HIHILING NG SESYON SA ADR?

Makipag-ugnayan sa iyong Direktor ng Espesyal na Edukasyon ng Distrito para sa impormasyon tungkol sa proseso ng ADR. Bilang alternatibo, maaari kang makipag-ugnayan sa Direktor ng Mid-Cities SELPA para humiling ng tulong sa pagpapadali ng ADR sa 562-866-9011 ext. 2050.

INIAATAS BA ANG ADR?

Hindi, ang mga sesyon sa ADR ay boluntaryo at batay sa kagustuhan ng parehong partido na magkaroon ng kasunduan. Malayang makakaalis ang mga magulang at distrito sa proseso sa anumang oras.

MAAARI BANG IREKORD NG DISTRITO O MAGULANG ANG AUDIO NG PAGPUPULONG?

Kumpidensiyal at hindi maaaring irekord ang sesyon. Pagkakataon ito para sa mga kalahok na ihayag ang kanilang mga alalahanin at malayang makipagdiyalogo tungkol sa mga isyu sa paraang ligtas at kumpidensiyal.

Mga Legal na Proteksyon

Hindi pinipigilan ng paglahok sa proseso ng ADR ang anumang paggamit ng mga mas tradisyonal na pamamaraan sa angkop na proseso sa hinaharap, na maaaring simulan sa anumang oras.